Unique Reference Code: 011

Event & Medium: PHOTOJOURNALIST FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

1st

"Teknolohiya Bilang Tulay sa Mas Madaling Bukas"

Sa Public Market ng Baganga Davao Oriental, masasaksihan dito ang pagbabago ng mga kagamitan at ang mga nakasanayan ng mga taong Bagangenio. "Kung may paraan namang mas mapadali ang mga problema bakit ba natin pinipigilan o pinapahirapan ang ating sarili." Batay kay Andrew Monteza, 18, isang College student na nag sideline. Sa mundong patuloy na umiikot at umuunlad, kasabay nating nagbabago ang paraan ng ating pamumuhay, pagtatrabaho, at pag-aaral. Dati, sapat na ang papel, bolpen, pisara, at mano-manong paggawa upang matapos ang isang gawain. Pero ngayon, mas mapadali ang trabaho ng mga manininda dahil sa mga patuloy na umuusbong na mga digital equipments. Naipapakita dito kung gaano kasaya ang isang magulang na makita ang kaniyang anak na nasa Davao City na nag-aaral sa University of Mindanao. Sa simpleng pag-click sa screen ng mga digital na equipments, natutulongan ang mga tao upang mas mapadali ang mga komplekadong mga problema.

Unique Reference Code: 010

Event & Medium: Photojournalism (Filipino)

Level (Elem/Sec): Secondary

2nd

"Pera sa Teknolohiya"

Isang masaya at malamig na gabi sa Baganga Public Market, masisilayan ang maraming mamimili at taga pag-benta na ginagawa ang kanilang pang araw-araw na gawain. Ang bumili at magtinda, dahil dito sila at nakakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya. Sa panahong ito at nagiging mas madali na ang kanilang pag-bibilang at pag-bibigay ng sukli sa mamimili.

Dahil sa makabagong ~~[illegible]~~ teknolohiya natutulongan nito ang mga manimili at nag-bebenta. Isang pindot lang sa kanilang telepono at calculator at makikita na nila kung mag-kano ang kanilang isusukli. ~~[illegible]~~ ~~[illegible]~~ Puede ka ring mag-bayad gamit ang telepono o teknolohiya, sa pamamagitan nito mas nababawasan ang trabaho at mas napapadali ang hawak-hawak ng pera. At sa bawat litrato ay ang mga mamamayan na tangkilikin makikita kung papaano ng palaging ang makabagong teknolohiya.

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2024

Unique Reference Code: 008

Event & Medium: PHOTOJOURNALISM FILIPINO

Level (Elem/Sec): SECONDARY

32

KAPANGYARIHAN NG PERA Anong pamamaraan ba ang uubra sa kasalukuyang panahon? Ang modernong pagbabayad o ang nakasanayan? Ang kasagutan ay dipende sa kagustuhan ng tao, sa pamamagitan ng online na pagbabayad mas ligtas ito para sa mga mamimili. Nakakaiwas ito nang nakaw sa kalye, ngunit ang mga tuong andon parin sa nakakasanayang bitbit na pera. Mas nagiging komportable pa sila dito. Sa panahon ngayon mas ligtas ang digital payment dahil naka-tago lang ito at nappadali nito ang pagbabayad.

Masarap tingnan ang mga tuong bumibili at nag susukli ng pera dahil sa sayang may bumili sa tindahan, sinuklian ka ng bagay at kabutihan. Ayon sa kanila ang ~~Pampub~~ Pampoblikung pamimilihan, poblacion, baganga ay masayang bumili dahil sa ngiting binibigay ng tuo ~~dito~~ sa baganga.

Unique Reference Code: 003

Event & Medium: Photojournalism (Filipino)

Level (Elem/Sec): Secondary

4th

Bagong Buhay

Sa mundong ginagalawan natin, marami ng nagbago. Sa ating henerasyon ngayon, may mga bagong teknolohiya na naimbento- ito ay naging rason at paraan para mapadali ang pagbabayad at pagtatrabaho ng ating mga mamamayan. Ang makabagong teknolohiya ay nagbibigay ilaw sa atin, upang mapagaan ang daloy ng ating buhay. May mga bagay na nakatutulong sa atin sa hirap, gayon dapat natin itong pahalagahan at gamitin ito ng tama.

DAVAO ORIENTAL DSPC DIVISION SCHOOLS PRESS CONFERENCE 2026

Unique Reference Code:	017	Event & Medium:	Photojourn / Filipino
		Level (Elem/Sec):	Secondary

5th

"Kahirapan Ay Labanan"

Ang panahon ngayon ay may iba't ibang uri sa pagbayad Kapag ikaw ay bumili sa ilang mga tindahan, tulad nalamang ng palengke, sari-sari store, at mga gulayan. Ang ilan sa kanila ay nagbabayad sa pamamagitan ng g-cash at pay-maya, at ang iba ay gumagamit ng tradisiyonal na pagbabayad ng barya at papel na pera upang mas mapadali ang proseso. Ang ilan sa mga tindera at tindero ay tumatagal sa higit 30 taon sa pagtitinda. Sila ay nagtatrabaho at nagsusumikap para may maitustos sa kahirapan ng kanilang pamilya. Kahit mahirap ang buhay ay lumalaban parin sila ng may katapatan at pagiging matatag, alam nating may mga makabagong uri sa pagbayad ngunit hindi natin malilimutan na ang tradisiyonal ay ang unang uri kung paano magbayad at mapadali ang proseso. Kahit anong taon kana sa iyong trabaho ay lumaban para sa pamilya. Alam natin na ang diyos ay nagbabantay para sa iyong tunay na puso, ito ay naganap ngayong Siyetembre 11, 2026 sa Baganga Davao Oriental, Market,